

# PROLOGUE



## BLING

*“Give him a chance, Ate, you’ll like him.”*

That’s what Mary Anne told me when she was dating Rufo. Those were also the exact same words she said to me while she was dating Fernan, Andrew, Famous, Guy, Sebastian, Henry, Marcus, Pippo, Charles, Kristian and a million other guys that I didn’t remember anymore. Mahirap para sa akin ang tanggapin ang katotohanan, but my sister is a dating machine.

Naniniwala siya na ang lahat ng tao ay nakatakda para sa kung kanino. She had this theory that everyone was born to be with someone and when you find that someone, malalaman mo na siya na iyon dahil sukat siya sa katawan mo. Her theory was gross and unrealistic. I didn’t agree with her, pero wala akong magagawa, dahil kahit gaano ka-unrealistic ng theory ni Mary Anne, kapatid ko pa rin siya at mahal na mahal ko siya.

So I gave all her boyfriends the benefit of the doubt, pero hindi naman gaanong lumalalim pa ang pagkakakilala ko sa mga lalaking iyon, sinasaktan na nila ang kapatid ko. Ewan ko ba sa kanya, paulit-ulit lang naman ang nangyayari sa buhay niya. She will fall in love, get hurt, cry and then after a few weeks, nakikipag-date na naman siya.

I wanted to tell her to stop whatever she’s doing because it won’t do her any good. I tried that once, pero hindi naman niya ako pinakinggan. Instead, she gave me a lecture about having a boyfriend.

My sister had these vivid illusions about happy endings, princes and princesses. I, on the other hand, did not believe in

these kinds of things. Walang Mr. Right, walang Prince Charming at mas lalong hindi natatapos ang kwento sa tinatawag nilang happily ever after.

I did not believe in love—romantic love. Love does not stay in our hearts forever, it fades away... just like everything else on this planet.

I'm not a man-hater. I'm just being realistic.

Pare-pareho lang ang mga lalaki, wala silang alam gawin kundi ang manakit at manloko.

Tulad ng nangyayari lagi kay Mary Anne. Tulad ng nagaganap sa kanya ngayon. Umiiyak na naman siya. Unfortunately, Andrew, her boyfriend, dumped her for their client, and the worst part is—

“Ipinagpalit niya ako sa isang beki!” humihikbing sigaw niya. “Hindi ko maintindihan kung bakit, pero kahit ano’ng gawin niya, hindi naman magkakamatrix ang baklitang iyon, pero nagawa niya pa rin akong ipagpalit! I hate him! I hate that Freada! Alam mo ba, Ate? Mukhang bouncer sa club iyong bakla, pero naipagpalit niya pa rin ako!”

Inabutan ko ng tissue si Mary Anne. Mugtung-mugto na ang mga mata niya at mapula na rin ang ilong, pero tila wala pa rin siyang balak na tumigil sa kakaiyak.

Napailing ako. Ano ba ang sasabihin ko? Sasabihin ko ba ang nasa isip ko, o sasabihin ko ang gusto niyang marinig? She looked so miserable.

“Makakarma rin siya...” malumanay na sabi ko. Mary Anne turned to me.

“I thought he’s my Prince Charming...” Muli na namang umalog-alog ang balikat niya. Napatango na lamang ako saka muli siyang niyakap nang mahigpit.

I wanted this madness to stop right now, but how could I do that if she was too stubborn to even listen to me?

All her life, she wanted only one thing, iyon ay ang makatagpo ng sarili niyang Prince Charming tulad ni *Cinderella*, *Snow*

*White* at ni *Sleeping Beauty*, pero bakit parang hirap na hirap ang tinatawag nilang destiny na ibigay iyon sa kanya?

I sighed. If destiny won't give my sister what she wanted, ako mismo ang gagawa ng paraan para makuha niya ang gusto niya. I will find the perfect guy for her... kahit pa alam ko na walang taong perpekto.

I will find her a Prince Charming...kahit hindi ako naniniwala doon.

At kung paano ko gagawin iyon, hindi ko rin alam, pero isa ang sinisiguro ko.

I will do everything to find that one person who will make my sister happy forever.



“Ano’ng gagawin mo?”

Napabuntong-hininga ako habang tumutusok ako ng eggball. Tumitig ako kay Shany, pagkatapos ay nagkibit-balikat.

“Plan A. Ihahanap ko siya ng boyfriend.” Binalingan ko ang tinderong naka-bike. “Kuya, matamis.”

“Grabeh, Bling! Kung ikaw nga hindi ka makahanap ng boyfriend, ihahanap mo pa ng boyfriend iyang kapatid mong one and a half na majondi!”

Inismiran ko na lang si Shany. Wala akong masabi, halos totoo naman kasi ang naging pahayag niya. Medyo majondi nga ang kapatid ko, pero kahit na ano ang sabihin niya, kapatid ko pa rin iyon.

“Mary Grace Cabling!” exasperated siyang nagbuntong-hininga. Kulang na lang ay itapon niya sa mukha ko ang kinakain niyang siomai. “Kapatid mo si Anne, pero hindi ibig sabihin may karapatan ka nang makialam.”

“Hindi naman ako nakikialam. Ginagawan ko ng paraan ang problema niya. Kung hindi siya makahanap ng lalaking para sa kanya, ako mismo ang gagawa noon, dahil mahal ko siya.” Ganoon ko kamahal ang sister ko.

“Ano ba’ng reason bakit sila nag-break?” muling tanong niya bago bumaling sa tindero, “Kuya, padagdag ng sauce.” Ibinigay ni Shany ang kinakain niya sa mama.

“Namakla, eh.” Ngumiwi ako.

Natawa si Shany. “Sa ganda na iyon ng kapatid mo, ipinagpalit pa sa beki?” humahalakhak na tanong niya.

Tumango na lamang ako saka kinuha kay Kuya na nagtitinda ng eggball ang plastic cup ko. Naglakad kami ni Shany papunta sa hilerang mga benches at saka naupo.

“You see, I kinda promised my dad that I’ll take care of Anne at hindi ko pwedeng baliin ang pangako ko, baka kasi mamaya, hatakin ni Daddy ang paa ko habang natutulog ako.” Namatay ang mga magulang namin noong mga bata pa lang kami. Lumaki si Anne sa puder ng tiyahin ko, samantalang ako, laking *DSWD*. Noong mga panahon kasi na iyon, hindi kaya ng tiyahin ko na buhayin kaming dalawa, kaya ang ginawa niya, pinili niya na lang si Anne.

Hindi ko nagawang magreklamo noon. Alam ko naman kasi na makakabuti kay Anne ang mga pangyayaring iyon. All I wanted was to give her the best in the world so when my Auntie chose her, I kinda felt happy, too. At isa pa, mas maganda si Anne kaysa sa akin, kaya siya ang pinili ni Auntie.

“Matagal ko naman nang plano ito, eh. Kaysa sabihin ko sa kanya na hindi ko gusto iyong mga ginagawa niya, pwes, ihanap ko na lang siya ng taong magpapasaya sa kanya. Sabi nga di ba, if you can’t beat them, join them.”

Napailing si Shany. Siniko ko siya. Matagal ko na siyang kakilala. College pa lang, siya na ang karamay ko sa mga bagay-bagay sa mundo. She’s my best friend...

“Bahala ka nga diyan. Baka mamaya iyang plano mo pa na iyan ang makapagpasira sa inyong magkapatid.” Binalingan ako ni Shany. “Paano mo gagawin iyan?”

“Magpapa-audition ako ng lalaki!” nakatawang sabi ko.

“Sira! Para ‘tong tanga. Ewan ko sa ‘yo!” Tumayo si Shany at saka iniwan ako sa hila sa mga benches. Sumunod ako sa kanya at saka hinablot mula sa mga kamay niya ang plastic cup ng kinain niyang siomai.

“Pendong!” Binatukan ko siya saka ako nagtatatakbo palayo.

“Bling!” Humalakhak ako nang malakas nang marinig kong may kasamang inis ang pagtawag niya sa akin. Pero saglit rin akong natigilan nang bigla siyang tumili, kasunod ng nakabibinging tili ni Shany ay ang nakakabinging busina ng isang itim na sedan sa harapan ko.

“Bling!”

Natigilan ako, natutulala, parang tumigil ang pagtibok ng puso ko. Muntik na akong mapaupo sa kalsada. Akala ko kasi talaga katapusan ko na.

“Good Lord! I thought I was gonna die!” Nang makabawi ako ay kinalampag ko ang hood ng sedan na iyon at nagsisisigaw.

“Hoy! Kung sino ka mang Poncio Pilato ka, lumabas ka diyan! Grabeh! Ang laki-laki ko na hindi mo pa ako nakita! Hoy!” Inulit ko ang pagkalamang sa hood ng sasakyan niya. Hindi pa rin lumabas ang hudas na driver ng sasakyan na iyon. Sa sobrang inis ko, sinipa ko ang gulong ng kotse niya saka kinalampag ang bintana.

“Lumabas ka sabi diyan! Utang na galang! Ipapapulis kita!”

“You kicked my wheel!” Umalingawngaw ang malaking tinig na iyon mula sa loob ng sasakyan. Lumabas ang Poncio Pilatong nagmamaneho ng sasakyan, pero parang mali ang description ko sa lalaking iyon. He looked like an angel... a very handsome angel.

“Oo! Eh, ano naman kung sinipa ko iyang kotse mo?! Eh, ano naman kung kinalampag ko iyang hood mo! Bobo ito. Hindi mo ba ako nakita? Tumatawid ako, oh!”

“Bakit ka naman tatawid kung green light ang nasa traffic light?! Ikaw ang bobo!” inis na inis na sigaw niya sa akin.

Nanlaki ang mga mata ko. Ako daw ang bobo? Kahit kailan

wala pang nagsabi sa akin na bobo ako. At sino siya para sabihin na bobo ako, eh hindi naman niya ako kilala at mas lalong hindi niya ako pinapalamon.

Nainis ako. At dahil na rin sa inis na iyon nilapitan ko ang lalaking mukhang anghel at saka sinikmuraan siya.

“Aww! You witch!” namamalipit sa sakit na daing niya.

Hindi pa ako natuwa, inapakan ko ang paa niya, iyong tipong labas lahat ng ingrown niya.

“May pa-witch-witch ka pa diyan! Ingleserong frog. Hindi ka naman gwapo! Bwiset!” Itinulak ko siya. Napaupo siya sa kalsada habang ako, binelatan siya at saka nilagpasan. Muli akong lumapit kay Shany. Nakaawang ang mga labi niya na tila hindi makapaniwala sa nakita niya kanina.

“Ano’ng ginawa mo?” nagtatakang tanong niya.

Inirapan ko muli ang lalaking iyon. “Eh, sinabihan ako ng bobo, eh,” inis na sabi ko. Hinawakan ako ni Shany sa braso.

“Halika na, baka idemanda ka pa niyan ng physical injury! Tara, tara!” Tumakbo kami. Bago ako tuluyang nakalayo ay binalingan ko ang estrangherong iyon. Napangiwi pa ako. Ang sama ng ugali! Kung ganoon lahat ng lalaki sa mundo, ipapasok ko na lang sa kumbento si Anne, ‘tapos, tatalon ako sa ilog kapag high tide.

Grabeh talaga, sana lang hindi mga tulad niyang lalaki ang makaengkwentro ko habang naghahanap ako ng boyfriend para sa kapatid ko.

# 1

## AGUI

I wanted to die.

Right here, right now, in front of all these people. I cannot bear the sight of the woman I love walking down the aisle to marry the man who can give her everything she ever wanted.

I wanted to die.

I didn't want to feel this nagging feeling inside my chest, like my heart was being torn into a million pieces.

I wanted to die.

But I just couldn't. Instead, I just stood there smiling at her and acting like everything was normal. But deep inside, I felt like I was trapped in a really bad movie.

Pero alam kong hindi. Jasmine looked so pretty today. She looked so gorgeous, wearing that white dress, glowing with so much happiness. Sino ba naman ang hindi sasaya? One more step and she would get the things that she had hoped for since she was eight years old.

"I'm so lucky, dude..." Julian whispered to me. I turned my head to him and smiled.

"Yeah, congratulations." Sumakit ang sikmura ko sa sinabi kong iyon. I just couldn't believe that I was actually congratulating this bastard who was about to take my Jasmine away from me F-O-R-E-V-E-R and that sucked.

I could had been that bastard waiting for her at the altar. Pero hindi nangyari iyon. A long time ago, I was her knight-in-shining-armor. The guy who was always beside her; the only guy she could lean on. Kontento na ako sa ganoon, but then one night changed

everything.

I never really planned on telling her what I felt. Nadulas lang ako. Lagi akong natatakot noon na baka kapag nalaman ni Jasmine ang nararamdaman ko sa kanya, iwan niya ako. Pero nagkamali pala ako. When I told her I loved her, she was happy. Sabi niya matagal na niyang hinihintay ang pagkakataong iyon. Ang pagkakataon na nagkaroon ako ng lakas ng loob para sabihin sa kanya ang nararamdaman ko.

At mula noon, nagbago na ang lahat. Suddenly, our friendship ended, and a new relationship began. I was happy, ganoon rin naman siya. We were together for almost seven years. Siya lang ang kaisa-isang babaeng minahal ko, the only girl I thought of spending my whole life with, the only girl I planned on marrying...

But after college, things got complicated. Bigla akong nanibago kay Jasmine, lagi na lamang niyang ipinapasok ang usapan ng kasal. May plano naman talaga akong pakasalan siya, pero noong mga panahong iyon, hindi pa ako handa. Isang bagay na hindi niya maintindihan... at iyon ang naging mitsa ng lahat-lahat.

Umalis si Jasmine. Naiwan ako dito, nalunod ako noon sa sobrang kalungkutan. Ang buong akala ko kasi, noong umalis siya, huminto na ang pag-ikot ng mundo ko. Pinabayaan ko ang sarili ko. I was a trainwreck. I didn't care. Araw-araw akong naglasing na muntik ko nang ikinamatay.

My mother was kind enough to make me realize that I was miserable. One night, she went to see me. She said she wanted to talk, but she didn't say anything. Instead, she just sat in front of me and cried for hours.

Doon ko lang naisip na sa ginagawa ko, hindi lang sarili ko ang sinasaktan ko kundi pati na rin ang mga taong nagmamahal sa akin.

Pagkatapos ng gabing iyon, muli akong bumangon, ipinagpatuloy ko ang pag-ikot ng mundo ko. Mahirap... hindi ko



alam kung paano ako mabubuhay nang wala sa ‘kin ang puso ko. Ngunit pagkatapos ng ilang panahon, nasanay na rin ako. I learned how to live my life with a broken heart.

I lived like a zombie for years...

Until one day, I saw her again. And everything in my life changed.

Jasmine came back, my hope came back. Muli akong naniwala sa buhay. We became friends again. I became that guy again, her knight-in-shining-armor.

I thought, I had a shot... I really thought we would get back together... but then she told me she’s engaged. Again, my world fell apart.

Ako na yata ang pinakamalalas na tao sa buong mundo.

Pinakamalalas na, pinakamalungkot pa.

“You okay, Agui?” Julian asked me again. I stared at Jasmine for the last time. Ito na ang huling beses na makikita ko ang Jasmine na minahal ko, pagkatapos nito, wala... kahit na ayoko, mapipilitan akong kalimutan siya.

“Yeah.. I’m fine. Best wishes, man...” I looked at him and sighed. I turned to Jasmine again. Palapit na siya nang palapit. Tulad pa rin noon, sa tuwing nariyan siya, nagwawala ang puso ko. She smiled at me..... or at Julian, maybe. I didn’t care. I just smiled back.

“Hey, honey...” Julian greeted her when she was just inches away. She was crying, but still the prettiest. Kinamayan ni Julian ang papa ni Jasmine.

“Thank you for doing this, Agui,” nakangiting sabi niya bago niya abutin ang kamay ni Julian. I just smiled at her, I got the biggest surprise of my life when she embraced me tight.

“Thank you, Agui...” she said in a very low voice. I hugged her tighter.

“I love you, Jas... I still do...” Naramdaman kong nanigas ang likod ni Jasmine. Unti-unti siyang lumayo sa akin. Her eyes, full of

uncertainty, her face, shocked.

“Honey...” Julian called her. She looked at his hand then she looked at me. Tila nag-iisip siya, namimili sa pagitan naming dalawa ni Julian.

But in the end, Jasmine took Julian’s hand and they walked together hand in hand. Wala akong nagawa kundi panoorin lang sila.

Napakamalas ko talaga....

## BLING

“Thanap mo naman ako ng lalaki.”

Sa tuwing sasabihin ko ang pangungusap na iyon ay hindi maiwasan ng kausap ko na panlakistan ako ng mga mata. Tila ba hindi sila makapaniwala sa sinasabi ko. Teka. Ano nga ba’ng mali sa sinasabi ko?

“You’re actually looking for a man, Bling? Well, that’s a first,” tatawa-tawang komento ni Cyrill. Noong gabing iyon ay nasa isang bar ako, kasama ng mga classmates ko noong college.

“Ano ba’ng akala ninyo sa akin? You think I’m a leslie?” nagtataakang tanong ko. I took one look at all of them. They looked like they were about to laugh. I smirked. “Salamat, ha? Minsan talaga nakaka-touch kayong kausap, eh,” asar na pahayag ko.

“Ohhhh... emo ka naman eh...” Hinatak ni Jenny ang buhok ko. Pabirong tinabig ko ang kamay niya.

“Seryoso ako. Kailangan ko ng lalaki.” Pagkasabi ko noon ay nagtawanan na silang lahat. Bakit ba hindi nila ako kayang seryosohin? Mukha ba akong nagbibiro? I needed a man—a decent, good-looking man with a heart full of love. And I needed that guy for my sister, not for myself!

Wala na talaga akong choice. Kailangan ko nang gawan ng paraan ang pantasya ng lukaret kong kapatid. Nagmumukha na naman kasi siyang tanga. Two nights ago, she was crying because

Andrew broke up with her, tapos ngayong gabi, she's out on a date with this stranger she met at the mall the other day. Bukas makalawa, boyfriend na naman niya iyon, at kahit na hindi ko pa nakikilala ang gunggong na iyon, hindi ko na siya gusto.

"Guys, guys, guys! Seryoso si Bling," Shany yelled at them. "Seryoso siya. Kailangan niya ng lalaki, para kay Anne."

"Owww... " sabay-sabay na sambit nila.

Lalo akong napangawi. "Ayos ah, para kayong choir," nang-uuyam na sabi ko.

Napailing si Shany.

"Why do you need a guy for your sister? She's a dating machine," natatawang sabi ni Cyrill. I looked at her. "At di ba, may jowawers iyang kapatid mo?"

"They broke up. Apparently, may foundation si Andrew. Kapwa ko, mahal ko." Humagalpak ng tawa ang mga kausap ko. Akala yata nila nagbibiro pa rin ako. "Totoo, beki si Andrew, at ipinagpalit niya ang kapatid ko sa isang babaeng walang matris."

"Too bad. Anne's very pretty," she said again. Sa lahat ng sinabi ni Cyrill, iyon lang ang sinang-ayunan ko.

"So paano ka makakahanap ng lalaki?" nagtatakang tanong ni Jenny. Umiling ako. I had no idea what to do. Sinasabi ko lang na kailangan ko ng lalaki, pero sa ngayon wala pa talaga akong konkreong plano.

"How about, Osme? He works in an advertising company, siguro may kakilala iyon." Osme was our gay friend, and Shany was right, he might know some people. Mga modelo. Mga taong umaakto na parang mannequin, mga taong perpekto sa ganda, pero halimaw naman sa ugali. Ngumiwi ako. Ayoko ng ganoong mga tao para sa kapatid ko.

What Anne needed was just an ordinary guy who could make her feel extraordinary. A guy with a heart full of love, someone who can make her happy, someone who can make her dreams come true, a real-life Prince Charming...

*A Prince Charming...* napangiti ako. A familiar face flashed in my mind, kasabay noon ay ang pag-awang ng mga labi ko. Bakit bigla kong naisip ang mukha noong lalaking mukhang anghel, pero kasing-ugali ni Satanang?

Grabe! Hindi ko talaga makakalimutan ang lalaking muntik ng makasagasa sa akin kaninang umaga. Ha! Buti nga sa kanya, namalipit siya sa sobrang sakit noong sinikmuraan ko siya. Kahit kailan wala pang tumawag sa akin ng bobo, ‘tapos siya kakakita pa lang kanina, tinawag na niya ako nang ganoon?’

Ang kapal ng mukha niya!

“Hoy... bakit namumula iyang mukha mo?” nagtataakang tanong ni Jenny.

Umiling ako. “Wala, naaalala ko lang si Satanang,” mahinang sagot ko.

Natawa si Shany. “Bakit, *kras* mo na siya?”

Tumitig ako sa kanya, nanlalaki ang mga mata ko. “Hindi, ‘no! Grabe ka naman!” Bigla ay nadama ko ang pag-iinit ng aking mga pisngi. Bakit naman ako magkaka-crush sa siraulong iyon? Eh ang sungit-sungit n’un! Akala mo, porke mayaman siya, eh pag-aaari na niya ang lupang kinatatayuan niya kanina. Ang kapal ng mukha. Nakoooo! Makakarma rin iyon.

“Diyang na nga kayo. Uuwi na ako.” Tumayo ako at saka inirapan sila isa-isa. Natatawa pa rin si Shany hanggang ngayon, habang si Jenny at si Marie Chris ay kunot na kunot ang noo.

“Maaga pa, Bling. Mamaya ka na umalis.”

Umiling ako. “Hindi pwede, baka umuwi sa Anne sa bahay, tapos wala ako, malulungkot iyon.” Nagpaalam na ako sa kanila. Habang naglalakad papalabas ng bar na iyon, pilit ko pa ring iniisip kung paano ako makakahanap ng lalaking makikipag-date sa kapatid ko. Paano nga ba?

“Thank you, Ma’am. Please come again.” Nginitian ako ng bouncer ng bar. Tumango lang ako. Paano kaya nangyari na lumaki ang katawan niya nang ganoon, pero kaboses naman niya iyong

*Alvin and the Chipmunks?*

“Boss, pwedeng magtanong?”

Binalingan ako ng bouncer. “Yes, Ma’am?”

Pinigil ko ang tawa ko. Natatakot kasi ako na baka bigwasan ako ng taong ito, eh, iyong isang braso lang niya parang kasinlaki na ng sanga ng puno.

“Lalaki ba iyong may-ari ng bar na ito?” nagtaas-baba ang kilay ko.

Humalukipkip ang bouncer. “Sorry, Ma’am, we’re not allowed to give that kind of information.”

Ngumiwi ako. Tiningnan ko siya mula ulo hanggang paa. Ang sungit, ha. Tumalikod na lang ako. “Sungit! Pa-English-English pa, boses squirrel naman.” Bubulong-bulong ako habang naglalakad. Tumayo ako malapit sa may poste, nag-aabang ng bus o kaya man ay jeep. Wala sa hinagap ko ang mag-taxi. Mahal, eh.

Habang nag-aabang ako ng masasakyan, nagpalinga-linga muna ako. Napatitig ako sa isang kulay itim na sedan sa kaliwa ko. Hmm... kamukha niyon iyong sasakyan n’ong lalaking mukhang anghel, pero kaugali naman si Satanas.

“Ugh...”

Isang mahinang ungol ang narinig ko. Dahil na rin likas sa akin ang pagiging usisera, hindi ko napigilan ang aking sarili at hinanap ko ang mahinang ungol na iyon. Habang papalapit ako nang papalapit sa parking lot, may naririnig akong mga boses.

“Bilis na, kunin mo na iyong pera at cellphone niya. Lasing iyan, hindi makakalaban...” sabi ng isang lalaking tinig. Wala akong narinig na sagot mula sa kausap niya, nakiusyoso pa rin ako, sumilip ako, at tama ang aking hinala. May nangyayaring holdapan. Kinikikilan nila ang isang lalaking walang malay na nakahiga sa tabi ng itim na sedan, lasing na lasing...

Wala silang awa! Nangingkit ang mga mata ko.

“Hoy! Ano’ng ginagawa ninyo diyan?”

Napatingin sa akin ang mga holdaper. Mga minor de edad pa

ang mga ito. Ang lalakas ng loob.

“Wag kang makialam. Kunwari wala kang nakita, kundi lalaslasi ko iyong leeg mo.”

Nanlaki ang mga mata ko. Ako pa ang tinakot ng batang ito. Lumapit ako sa kanila.

“Huwag kang lalapit!” nagbabatang sigaw niya.

“Gusto kong lumapit, paki mo ba?” sagot ko sa kanya.

“Sabing huwag kang lalapit eh! Sisigaw kami ng rape!”

Natigilan ako. Holdaper sila ‘tapos sisigaw sila ng rape?!

“Ibabalik ninyo iyong ninakaw ninyo o tatawagin ko si *Darna?*!”

Nagkatinginan ang mga bata, ‘tapos ay nagtawanan sila. “Baliw pala ito, si *Darna* daw!”

Pinagtatawanan pa yata ako. Lumapit ako at hinablot ko ang braso ng isang bata at saka pinilipit iyon. “Sabi ko, ibabalik ninyo iyang kinuha ninyo, di ba?”

Napalunok iyong isang bata.

“Shit, Ate, bitiwang ninyo ako!” nagmamakaawang sabi ng batang naka-blue.

“Ang babata pa ninyo nagnanakaw na kayo. Hala! Ibalik ninyo iyong pera niyan, ‘tapos tumakbo na kayo, kundi, naku, tatawag ako ng *DSWD!*” Agad naman na ibinato ng batang naka-green ang wallet at cellphone ng kaawa-awang lalaking nakahiga sa lupa. Tumakbo na siya, pinakawalan ko ang kasama niya at sabay nilang nilisan ang parking lot.

Kaawa-awang mga bata. Imbes na nag-aaral, gumagawa na ng krimen. Binalingan ko ang lalaking walang malay. Kumunot ang noo ko. Hindi pa ganoon kadilim kaya agad kong nakilala ang lalaking nakahiga sa lupa.

“Jasmine....” mahinang ungol niya.

Sino si Jasmine? At ano’ng nakain ng lalaking mukhang anghel at naglasing siya nang ganito?

Dahan-dahan akong yumuko para alalayan siyang tumayo.

Nakapa ko sa balsa ng kanyang pantalon ang susi ng kotse niya. Kinuha ko iyon upang mabuksan ko ang sedan. Dahan-dahan ko siyang inihiga sa backseat.

“Grabe, Kuya, ang bigat mo ah,” mahinang sabi ko.

“Jasmine....” muling bulong niya. Nang sa wakas ay nakahiga na siya sa backseat ng kotse, isinara ko ang pinto, sumakay rin ako at saka pinakatitigan siya mula sa driver’s seat.

“Saan naman kita dadalhin?”

“Jasmine...” ulit muli niya. Napailing ako. May kutob ako na nagkaroon ng puwang sa buhay ng lalaki ang Jasmine na iyon...

Maybe they were a couple. Napailing ako. *What people do for love!*

Pinasibad ko ang sasakyan. Hindi ko pa rin talaga alam kung saan ko dadalhin ang lalaking mukhang anghel na ito...

2  


## BLING

Aguinaldo Emilio. Iyon ang pangalan ng lalaking mukhang anghel na napulot ko sa labas ng bar na iyon. Hindi ko napigilan ang pagtawa nang mabasa ko ang pangalan niya sa I.D. na nakita ko sa bulsa ng pantalon niya. Naisip ko pa nga na hindi man lang nag-effort ang tatay o ang nanay niya na mag-isip ng pangalan niya. Na-imagine ko na n'ung nakita siya ng tatay niya noong araw na iniluwal siya ng nanay niya sa mundong ito, basta na lamang nasabi ng tatay niya, *“Ah! Lalaki ang anak natin. At dahil doon, Aguinaldo ang ipapangalan ko sa kanya dahil Emilio ang apelyido ko.”*

Ang lakas ng sense of humor ng tatay ng taong ito.

Siguro, frustrated maging bayani ang tatay ni Aguinaldo kaya pinangalanan siya nang ganoon. Kung may kapatid kaya itong si Aguinaldo, ano naman kaya ang pangalan? Jacinto? Grabe! Naiisip ko pa lang natatatawa na ako. Pangalan pa lang, wala nang ka-effort-effort.

“Buti pa ako, maganda ang pangalan ko.” Natatawang ibinalik ko ang I.D. sa wallet niya. Tinitigan ko si Aguinaldo, hanggang ngayon ay natutulog pa rin siya. Kanina habang nasa daan, isip ako nang isip kung saang lupalop ko dadalhin ang lalaking ito, at nang makita ang wallet niya eh malayo pala ang bahay niya, napagdesisyon ko na iuwi na lang siya dito sa bahay. Mas safe dito kesa dalhin ko siya sa kung saanmang lugar, at isa pa kahit naman dalhin ko siya dito at dito ko patulugin, hindi ako nag-aalala. Ano ba ang magagawa ng isang lalaking halos hindi na makagulapay sa sobrang kalasingan?

“Jasmine....”



Napabuntong-hininga ako nang marinig ko na naman ang pangalang iyon. Kung sinuman ang Jasmine na iyon, malamang ay mahal na mahal ito ng Aguinaldo na ito. Walang lalaking nasa tamang katinuan ang magpapakalasing dahil sa isang babaeng nakilala lang niya kahapon. Sigurado ako na malaki ang puwang sa puso ni Aguinaldo para sa Jasmine na iyon.

“Oo, na. Jasmine na kung Jasmine. Pwede ba tumigil ka na? Kung mahal ka noon, hindi ka niya iiwan.” Nanghuhula lang ako. Hindi ko naman alam kung ano ang dahilan kung bakit iniwan ni Jasmine ang kumag na ito. Pero sigurado ako na isa sa mga dahilan na iyon ay dahil hindi na niya mahal ang pekeng bayaning ito.

“Tita Bling, ano’ng nigagawa mo?”

Nilingon ko ang maliit na tinig na tumawag sa akin.

Natagpuan ko si Letlet na nakatayo sa labas ng pinto ng silid na iyon. Nakalimutan ko palang isara ang pinto. Ngumiti ako at saka lumapit sa kanya.

“Bakit gising ka pa?” Ginulo ko ang buhok niya. Ampon namin ni Shany si Letlet. Natagpuan namin siya two years ago sa lansangan at namamalimos. Ang gandang bata kasi niya kaya naisip kong dalhin siya sa *DSWD* noon, pero ayaw naman niyang magpaiwan, kaya sa huli, nanghingi na lang ako ng pahintulot sa mga taga-*DSWD* na iuwi si Letlet para ako ang maging legal guardian niya.

“Wala kasi akong katabi. Wala si Tita Shany. ‘Tapos wala din ikaw. Intinin ko si Ate Dian, tulog na siya kaya nanuod ako ng TV. Sino ‘yan? Bolpren mo?”

Natawa ako. “Hindi, ‘no.” Napapalatak ako. “Halika na... matulog ka na nga.” Hinawakan ko ang kamay niya at saka sinamahan siya sa itaas ng bahay. Hindi ko agad iniwan si Letlet, sinugurado ko munang tulog na siya bago ko binalikan si Aguinaldo.

Kumuha na rin ako ng isang palangganang tubig at malinis na bimpo para sa kanya. Wala akong magagawa kundi ang asikasuhin

ang kumag na ito.

Tulog pa rin si Aguinaldo nang makabalik ako sa kwarto. Syempre, alangan naman na matagpuan ko siyang nagtatatalon, eh lasing nga siya.

“Mayaman ka siguro, ‘no?” tanong ko kahit na hindi niya ako naririnig. “Ang ganda ng suit mo, eh.” Bahagyang itinayo ko siya upang tanggalin ang kanyang coat, pagkatapos ay muli ko siyang hiniga para alisin mula sa pagkakabutones ang polo niya.

Hindi ko alam kung bakit nanginginig ang mga kamay ko habang ginagawa ko iyon. Hindi ko rin alam kung bakit nakakaramdam ako ng mumunting kaba sa aking dibdib habang tinitigan ko ang maamong mukha ni Aguinaldo.

*Ang gwapo...* Paulit-ulit na sumisiksik iyon sa aking isipan. Oo, gwapo nga si Aguinaldo. Maamo ang kanyang mukha. Hindi siya maputi, pero hindi rin siya maitim. Katamtaman lamang ang kulay niya. Makapal ang kanyang kilay, na nakapagbibigay sa kanya ng karakter, dominante siyang tingnan dahil sa mga kilay na iyon. He had a crooked nose and his lips were thin, yet full and sinful.

Napasinghap pa ako nang mapansin kong tuluyan ko na palang nabuksan ang polo niya. *Gosh! May abs ang pekeng hero...* Ipinilig ko ang aking ulo nang maintindihan ko kung ano ang iniisip ko. Dali-daling tumayo ako at binasa ang malinis na bimpo para ipunas sa kanyang mukha.

Paano kaya kung hawakan ko ang labi niya? Teka.. bakit ko naman gagawin iyon? Wait... pero gusto ko talagang damhin ang mga labi niya. Teka, bakit ba ganito ako? Why was I acting like this? Na parang ngayon lang ako nakakita ng lalaking may labi? Lahat naman ng lalaking nakakasalamuha ko may labi pero bakit ganito ako?

Sa huli, hindi ko rin natiis, hinaplos ko ang labi ni Aguinaldo. Ganoon pala iyon, malambot rin pala ang labi ng mga lalaking tulad niya. Masarap kayang magpa-kiss sa kanya?

Shit! Bakit ako nag-iisip ng ganito? Kung makaasta ako,

parang hindi pa ako naki-kiss! *Eh, hindi ka pa naman talaga naki-kiss!* tudyo ng maliit na tinig sa aking isipan. Umiling ako upang mawala ang malaswang imaheng naiisip ko. Nakakaeskandalo!

Napaawang ang mga labi ko nang maramdaman kong hinahalikan ni Aguinaldo ang mga daliri ko.

“Utang na galang, anak ka talaga ng mga magulang mo!”

Napatayo ako at saka lumayo nang kaunti. I was checking if he was awake or asleep.

“Jasmine... akin ka na lang...”

Nakahinga ako nang maluwag nang makita kong nakapikit pa rin ang mga mata niya. Muli ay bumalik ako sa pwesto ko at ipinagpatuloy ang ginagawa. Kinalimutan ko na rin ang mga bagay na iniisip ko, nagiging malaswa akong tao. Grabe, bakit ba ako nag-iisip nang ganoon?! Virgin pa ako, eh!

Halos hindi na yata ako humihinga habang nasa katawan ni Aguinaldo ang mga kamay ko. Ganoon na lamang ang relief ko nang matapos ang ginagawa ko. Huminga muna ako nang malalim bago ako muling tumayo, pero hindi ko nagawa ang huli, bigla akong hinatak ni Aguinaldo at saka niyakap nang mahigpit.

“What the eff!” Napasigaw ako. Nakipag-face-to-face ako sa dibdib niya. I tried getting off, but he just won’t budge.

“Huy! Grabe ka naman. Nananamantala ka na, ‘no!’”

“Jasmine...”

Sinipat ko ang mukha ni Aguinaldo, nakapikit pa rin siya, pero hindi na ako sigurado kung tulog pa rin ba siya. Napabuntong-hininga ako, bakit ba parang mas gusto kong isipin na tulog pa rin ang mokong na ito? Dahil ba sa natutuwa ako sa init na nadarama kong nagmumula sa katawan niya? Masarap rin pala ang makulong sa bisig ng isang lalaking tulad niya...

Pero teka, bakit ba ako nag-iisip ng ganito? For crying out loud! Teacher pa man din ako, pero ang laswang mga bagay na tumatakbo sa isipan ko!

“Ano na naman ba ang kalokohang pinasok mo, Mary Grace?”

inis na tanong ko sa aking sarili. Kanina hindi ko alam ang gagawin ko sa kanya, pero ngayon, nakikipag-face-to-face na ako sa chiseled chest ng kumag na ito. The funniest thing was that I was actually enjoying this moment.

Bahagya akong nag-angat ng tingin. Napakaamo talaga ng pagmumukha ng gunggong na ito. Kung naging babae siya, sobrang ganda niya. He looked so innocent and fragile. Napapangiti ako, hindi ko alam kung bakit komportable ako sa mga bisig niya. Siguro mali iyon pero bakit ba?! Yakap lang naman. Walang masama doon.

I took one last look at him, then I smiled to myself. I just thought that this stranger, this man who kept on calling out Jasmine's name, was a Prince Charming material.



“Ahhhh!”

Isang malakas na hiyaw ang gumising sa natutulog ko pang diwa. I opened my eyes only to find Aguinaldo awake, shocked, and disoriented. Napangiwi ako.

“Sino ka? Ano’ng ginawa mo sa akin? Bakit wala akong damit?” sunud-sunod na tanong niya. Pupungas-pungas na umupo ako sa gilid ng kama.

“Kung makapagsalita ka naman akala mo ginahasa kita, eh..” marahang sagot ko. Naghikab ako. “Grabe, inaantok pa ako...” mahinang bulong ko. Binalingan ko siya. “Ano’ng problema mo? Kung makaasta ka akala mo virgin ka pa, ah.” Inismiran ko siya saka tumayo. Pasimpleng tumingin ako sa wall clock. Alas sais y medya na pala. Kaya pala inaantok pa ako. Huminga ako nang malalim saka lumabas ng silid na iyon.

“Ate Dian,” tawag ko sa kasama namin sa bahay. Natagpuan ko siyang nagluluto ng almusal sa kusina. “Ang aga ninyo nagising, ah...”

Tinitigan niya ako. “Nag-uwi ka ng lalaki kagabi! Ang lantong mo!” nanlalaki ang mga matang sabi niya sa akin.

Natawa ako. “Uy, hindi po ah...” Ang aga-aga may paratang na akong ganoon?! Napapailing na ipinaliwanag ko sa kanya ang dahilan kung bakit ko kinailangang iuwi ang mokong na iyon dito.

“Ah! Mayaman pala, kaya naman hinoldap, eh,” napapailing na sabi niya. “Pero gwapo, ah.”

“Hindi naman masyado...”

“Tita Bling!”

Narinig ko ang matinis na tinig ni Letlet. Bumalik ako sa sala at doon natagpuan ko siya na nakikipagtitigan kay Aguinaldo na hanggang ngayon ay wala pa ring saplot sa katawan, maliban sa kumot.

“Jusmio Marimar!” sigaw ko sa kanya. “Siraulo ka! Bakit ka lumabas nang walang saplot! Pati utak ng bata mako-corrupt dahil sa ’yo!” Agad na nilapitan ko si Letlet upang takpan ang kanyang mga mata.

“I can’t find my clothes!”

Inirapan ko siya. “Mata ang pinanghahanap, hindi bibig!” galit na sigaw ko. “Ate Dian, pakikuha nga muna itong bata!”

Mayamaya ay dumating si Ate Dian galing ng kusina, pasimpleng tinitingnan niya ang bisita naming tila hindi man lang nahihiya kahit wala itong saplot.

“Nakakaeskandalo ka!” gigil na gigil na sabi ko. Hinatak ko si Aguinaldo papasok ng kwarto, ‘tapos hinanap ko ang mga damit niya. Isinampay ko iyon sa banyo noong nagdaang gabi.

“For the record, hindi ko alam na makikita ako ng pamangkin mo pag lumabas ako, and secondly, tatawagin sana kita pero hindi ko naman alam ang pangalan mo,” mayabang na sabi niya.

Muli ay hinarap ko siya. Tila natigilan ang mokong na ito noong nakita niya ako.

“Tek, ikaw iyong babaeng sumapak sa akin the other day sa gitna ng traffic!”

“Ang O.A mo, hindi kita sinapak, sinikmuran lang kita kasi ang kapal ng mukha mo!” Ibinato ko sa kanya ang mga damit niya.

“Makapal ang mukha ko? That’s not enough reason for you to punch me!” ganting sigaw niya.

Namaywang ako. “Sorry ah, mainit ang ulo ko sa mga taong makakapal na ang mukha, mayayabang pa!”

“Hindi ako mayabang!” giit niya.

Tumaas ang kilay ko. “Eh, ano’ng tawag mo sa sarili mo? Mabait? Huwag mo akong inisin baka mamaya bunutin ko iyang ingrown mo at ikaskas ko sa mukha mo, eh.”

Tatlong beses ko pa lang nakakaengkwentro ang lalaking ito, pero pakiramdam ko, alam na alam na niya kung paano niya ako gagalitin. Ngayon lang ako nainis nang ganito.

“You are not making any sense.”

Lalo akong nainis. Ako pa ngayon ang walang sense? “Grabe! Sige na! Ikaw na ang pinaka may sense na tao sa mundo! Ikaw na lang, sige! Go!” Marahil ay nabuwisit na rin sa akin ang lalaking ito, nakita kong nakuyom niya ang mga palad niya. Inilang hakbang niya ako, pero bago pa siya makarating sa kinatatayuan ko ay natigilan rin siya.

“Damn!” mahinang usal niya.

Nagtataakang napatitig ako sa kanya. “Ano’ng problema mo?” tanong ko. Sinipat ko siya mula ulo hanggang paa.... bigla ay parang nais kong magsisi dahil ginawa ko iyon.

“Utang na bagang!” Nanlaki ang mga mata ko habang nakatitig sa ibabang bahagi ng katawan niya.

“Don’t look at me!” he said in a very panicky tone.

At ayoko rin namang tumingin, ang problema, hindi ko maiwasan! “Bakit nakaturo iyang putotoy mo?!” I exclaimed. I knew that I was blushing. I looked at him, his face was as red as an apple.

“Ahhhhh! Hindi na virgin ang mga mata ko!” Nagtatatakabong lumabas ako ng kwarto. Nagpa-palpitante ako. Maiiyak ba ako o hindi? Grabe, bakit ba naisip ko pang tingnan ang Aguineldo na iyon! “Ayoko na! Ayoko na!” Nanghihinang napaupo ako sa sahig.

“Hoy, Mary Grace! Ano ba’ng ginagawa mo diyan?”  
nagtataakang tanong ni Ate Dian.

“Hindi ko na kaya, Ate... nanlalambot ako,” mahinang bulong ko.

“Ano? Bakit? Naku, gutom lang iyan, kumain ka muna ng saging...” Ipinakita niya sa akin ang isang pirasong saging na iyon. Napakunot ang noo ko.

“OH MY GOD!” Dali-dali akong tumayo at saka lumabas ng bahay. Ayoko nang maalala ang pangyayari sa kwartong iyon. Ayoko na!

“Malas ka sa buhay ko, Aguinaldo!”